| Aralin 2 | الدرس الثاني |
| --- | --- |

## Bakit Kailangang Magsagawa ng Saláh

لماذا نصلي

Marami at malawak ang mga dahilan ngunit ito ang ilan:

1. Sapagkat ang pagsasagawa ng saláh ay isa sa pinakadaki-lang mga uri ng pagsamba kay Alláh na ibig Niyang gawin natin.
2. Bilang pagpapasalamat natin sa Kanya dahil nilalang Niya tayo sa pinakamataas na antas.
3. Dahil pinatnubayan Niya tayo sa Islam.
4. Nang sa gayon ito ay magsilbing isang pagkakataon para sa ating mga Muslim upang maiparating natin sa Kanya ang mga nararamdaman natin at ang mga pangangailangan natin.
5. Bilang paggunita sa Kanya upang hindi natin Siya mali-mutan at hindi rin natin malimutan ang mga ipinag-uutos Niya sa atin dito sa ating pansamantalang buhay sa mundo.
6. Upang tayo ay manalangin sa Kanya na nawa ay tulungan at patnubayan Niya tayo sa tuwina sa mga dumarating na mga pagsubok sa buhay natin.
7. Upang paghandaan natin ang Araw ng Paghuhukom, ang araw na makatatagpo natin Siya, upang makamit natin ang mga magagandang gantimpalang ikagagalak natin at nara-rapat para sa atin na inihanda Niya alang-alang sa atin: ang Hardin ng kaligayahan na walang hanggan.
8. Upang maging matatag ang pagmamahal natin at takot natin sa Kanya nang sa gayon ay manatili tayo sa pagiging matuwid at masunurin sa mga katuruan ng Islam gaya ng mga batas nito at kagandahang asal na itinuturo nito.
9. Upang ang saláh natin ay magsilbing mabuting gawain na sa pamamagitan nito ay pagtatakpan Niya ang mga nagawa nating kasalanan.
10. Ang saláh ay isang gawain na kung pagbubutihin ang pag-tupad nito ay makapagdudulot sa mga Muslim ng kapaki-nabangang pampisikal, pang-ispirituwal at pangmoralidad. Itinataguyod din ng saláh ang kalinisan, ang kalusugan, ang kaayusan, ang disiplina, ang kapatiran, ang pagkaka-pantay-pantay, ang panlipunang pagkakabuklod-buklod, at marami pang iba.